SINO KAMI?

Nagsimula noong 1972 sa San Francisco, ang Asian Law Caucus (ALC) ay ang pinakamatandang ligal na organisasyon na tumutulong sa mga mahihirap at mababang-kita sa mga komunidad ng Asian-Pacific American. Ang misyon ng Asian Law Caucus ay upang mapaunlad at ikatawan ang ligal na karapatan ng mga komunidad ng mga Asian-Pacific American. Ang ALC ay nagbibigay ng libreng serbisyong ligal para na kinakailangan ng mga mababang-kitang Asian at Pacific Islanders.

Noong 1973, nagsimula ang Filipinos for Affirmative Action (FAA) bilang sagot sa lumalaking populasyon ng mga migrante na galling sa Pilipinas at sa [pagtatanggi/ol] sa mga Pilipinong bago pa lamang dito sa Amerika. Noong lumalaki at umuunlad ang populasyon ng mga Pilipino sa Bay Area, bumalangkas ang FAA at naging organisyong gumagawa ng iba-ibang serbisyo at tagapagtanggol ng mga karapatan. Ngayon, nagseserbisyo ang FAA sa higit na 120,000 Pilipino sa East Bay. Mayroong mga opisina ang FAA sa Union City at Oakland.

Asian Law Caucus
939 Market Street
San Francisco, CA
94103

Phone (415) 896-1701
Fax (415) 896-1702
www.asianlawcaucus.org

Filipinos for Affirmative Action
31080 Union City Blvd., Suite 104
Union City, CA 94587

310 8th Street, Suite 306
Oakland, CA 94607

Phone (510) 465-9876
Fax (510) 465-7548
www.filipinos4action.org

Filipino Community Center
35 San Juan Ave
San Francisco, CA 94112
Phone (415) 333-6267
www.filipinocc.org

Kabatiran sa Imigrasyon para sa mga Homecare

IMPORMASYON PARA SA MGA MANGGAGAWA AT EMPLEYADO NG MGA HOMECARE

BAKIT KAMI PUMUPUNTA SA MGA HOMECARE AT SA MGA PILIPINONG EMPLEYADO NITO?

1) Ang mga manggagawang Pilipino ay mahalaga sa industriya ng pangkalusugan sa Amerika at dito sa Bay Area.

2) May mga empleyado na tumawag sa aming opisina hinggil sa pagpunta ng mga opisyal ng imigrasyon sa kani-kanilang trabaho.

3) Ang mga maggagawa sa mga homecare ay nagbibigay ng maingat na atensyon at sebisyong pangkalusugan sa mga matatanda, may sakit, at iba pang mga grupo.

4) Kailangan ng mga manedyer na siguraduhin na ang mga lugar sa trabaho ay may angkop na empleyado para sa kaginhawaan at kaligtasan ng mga pasyente.

5) Kailangan ng mga pasyente ang maramdam na ligtas sila sa kanilang bahay at protektado sa mga sumisira ng kanilang kalusugan, kaligayan, at kaginhawaan.

ALAMIN ANG MGA KARAPATAN!

KUNG IKAW AY PUNTAHAN MAN NG IMIGRASYON, MEROON KANG KARAPATAN NA:

- Huwag buksan ang pinto; tanungin kung puwedeng makita ang warrant na may pirma ng hukom at saka may pangalan ng mga taong hinahanap nila.

- Huwag magsalita. Kung mayroon silang warrant, mayroon ka pa ring karapatang hindi sumagot o magsalita.

- Lumabas ng bahay imbis na papasukin ang imigrasyon para makipagusap **kung** mayroong warrant na may hustong pirma at may pangalan mo.

- Hilingin na makipag-usap sa iyong abogado. Hindi bawal kumausap sa abogado bago sagutin ang mga tanong.

- Pagtutulan ang hanap nila kapag walang permisyon.

- Huwag pumirma ng mga dokumento bago makausap ang abogado.

TANDAAN:

- Hindi mo kailangang sumagot sa mga tanong tungkol sa iyong buhay, kung saan ka ipinanganak, paano pumunta sa Amerika, o kung meroon kang pasaporte, o dokumento. Kung sumagot ka sa mga tanong, puwedeng gamitin ang sagot mo laban sa iyo

- Kung mayroon kang totoong dokumento ng imigrasyon, ipakita mo sa opisyal. Kung hindi, puwede kang maaresto.

- Ang isang opisyal ng imigrasyon ay hindi puwedeng pumasok sa iyong trabaho kung walang permiso galing sa manedyer o may-ari ng carehome.

KUNG IKAW AY HINDI CITIZEN NG AMERIKA O PERMANENTENG RESIDENTE AT HINULI NG IMIGRASYON:

- **Alamin kung sino ang humuli sa iyo.**
- **Isulat ang pangalan ng mga nanghuli, ang ahensiya nila (ICE o pulis), ang pagkakakilanlan, at lisensya. Puwede mong hanapin ang mga impormasyong ito sa uniporme o kotse.**
- **Siguraduhin na alam ng mga pamilya o kaibigan kung ano ang immigration number mo, at nag-uumpisa iyon sa letrang "A." Itong numero na ito ay nasa permit ng trabaho mo o sa kard ng residensya mo.**
- **Tawagan ang Asian Law Caucus o FAA para sa suporta!**